G-NEWS DIGEST for GSIS employees

February 1, 2019

Gusto mo bang balikan ang nakaraang G-News Digest issues? I-access ang kopya ng mga ito sa GSIS portal (http://gsisportal:8080/webcenter/portal/GSISPortal)

GFAL II ilulunsad para sa lahat ng kawani ng gobyerno

Dahil sa matagumpay na implementasyon ng GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) sa Department of Education (DepEd), magbubukas ang GSIS ng GFAL II para sa iba pang government agencies.

Sumulat na ang GSIS sa agency heads upang ipaalam ang requirements para sa implementasyon ng GFAL II sa kanilang ahensiya.

Kabilang dito ang letter of intent; listahan ng accredited private lending institutions (PLIs) na naka-automatic payroll deduction scheme; bilang ng mga empleyado na may kasalukuyang utang sa kanilang accredited PLIs; at kabuuang loan balance ng mga empleyado.

Kailangang maisumite sa GSIS ang mga nabanggit na dokumento bago mag-Marso 31, 2019.

Kapag na-review at naaprubahan ng GSIS ang request ng ahensiya, papasok ito sa isang kasunduan o memorandum of agreement (MOA) sa GSIS.

Matatandaang noong Abril 2018, sinaksihan ni Pangulong Duterte sa Malacañang ang pirmahan ng MOA sa pagitan ng GSIS at DepEd para sa kasalukuyangGFAL.

Inilunsad ang GFAL upang matulungan ang mga guro at iba pang kawani ng DepEd na makaahon sa pagkakautang sa private lenders. *(mdc)*

G-NEWS DIGEST for GSIS employees

Hunyo 11, 2019

GFAL II info drive, sinimulan ng NCR I

Dahil sa ginhawang hatid ng GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) sa personnel ng Department of Education, binuksan na ng GSIS ang loan program sa lahat ng empleyado ng gobyerno upang i-refinance ang kanilang mga utang sa lending institutions.

Noong Mayo 24, inilunsad ng NCR I Department ang GFAL II Awareness Program sa Conference Hall, Level 3, Core G. Pinamunuan ito nina SVP Eduardo Fernandez, VP Rodrigo Manuel, Officer in Charge (OIC) Manager Lani Calida, at OIC-Division Chief Ellen Castro. *(bce)*

G-NEWS DIGEST for GSIS employees

February 15, 2019

Gusto mo bang balikan ang nakaraang G-News Digest issues? I-access ang kopya ng mga ito sa GSIS portal (http://gsisportal:8080/webcenter/portal/GSISPortal)

Php15B GFAL para sa 42K DepEd personnel

Umabot na sa Php15 bilyon ang kabuuang halagang nailabas ng pension fund sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) mula nang ilunsad ito noong Mayo 2018.

Ang bilang ng empleyado ng Department of Education na nakinabang sa GFAL sa kasalukuyan ay 42,227.

Ang GFAL ay isang balance transfer at debt consolidation program kung saan babayaran ng GSIS ang utang ng miyembro sa private lender at babayaran ito ng miyembro sa pension fund sa mas maliit na interes at mas mahabang term. *(bce/cibp)*

G-NEWS DIGEST for GSIS employees

Hulyo 24, 2019

Gusto mo bang basahin ang nakaraang G-News Digest issues? I-access ang kopya ng mga ito sa GSIS portal (http://gsisportal.gsis.gov.ph/wps/wcm/connect/portal/GSISPortal)

GFAL, nakapagpahiram ng Php22.6B

Patuloy sa pagtanggap ng applications sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) mula sa mga empleyado ng Department of Education (DepEd) na may pagkakautang sa accredited private lending institutions.

Noong Hulyo 5, 2019, umabot na sa kabuuang halagang Php 22.6 bilyon ang naipahiram sa 64,204 members.

Upang makapagserbisyo sa maraming GFAL applicants, nagbukas ng GFAL counters nationwide tuwing Sabado.

Maaaring mag-apply sa GFAL hanggang Disyembre 27, 2019. *(ajeb)*

GFAL II briefing, isinagawa sa LGU Rizal

Nagsagawa ang NCR Operations Group ng GFAL II Briefing para sa employees at administrative officers ng kapitolyo at local government units (LGUs) ng Rizal noong Hulyo 5 sa Multipurpose Hall, Ynares Center, Provincial Capitol, Rizal.

Mahigit 40 empleyado ng Rizal at LGUs ng Antipolo City at San Mateo ang dumalo sa briefing.

Kinatawan ang GSIS nina Acting VP Leah Melissa de Leon ng NCR Area II; Noel Alvarez, officer in charge ng NCR Area III; at Gilbert Frias, Staff Officer I ng NCR Area II.

Kabilang din sa mga dumalo sina Joseph Cenidoza, provincial administrator ng Rizal; Eugene Durusan, human resources head; at Jasmin Villegas, agency authorized officer (AAO). *(ajeb)*

Nagkaroon ng meeting at orientation para sa AAOs ng Legazpi at Virac noong Hulyo 3.

Nagsagawa ang Batangas Branch Office ng GFAL II info drive sa Occidental Mindoro noong Hulyo 5 at sa Batangas noong Hulyo 10 at 11. *(ajeb)*

G-NEWS DIGEST for GSIS employees
August 16, 2019

NCR Group, umarangkada sa GFAL caravans, atbp.

Alinsunod sa proaktibong direktiba nina EVP Nora Malubay ng Core Business Sector at Acting SVP Eduardo Fernandez ng National Capital Region (NCR) Group, nagsagawa ang mga departamento ng NCR ng kani-kaniyang information dissemination activities, meetings, seminars, at training sessions.

Layunin ng mga ito na palaganapin ang pagtangkilik sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) at sa bagong Top-Up Loan, at ipakilala rin ang GSIS Educational Subsidy Program (GESP). Nagkaroon din ng preretirement at financial literacy seminars.

Nasa sumusunod na mga larawan ang ilan sa activities ng NCR Group noong Hulyo:

NCR Department I

July 15 - GFAL and GESP sa flag raising ceremonies

G-NEWS DIGEST for GSIS employees
29 August 2019

North Luzon (Part 2)

Branch offices, naging abala sa GFAL caravans, atbp.

Puspusan ang information dissemination activities, meetings, at training na isinagawa ng North Luzon branch offices para sa GSIS members mula Mayo hanggang Hulyo 2019.

Pangunahing itinampok ng branch offices sa kanilang caravans ang GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) I and II, kabilang ang bagong Top-Up feature, at financial literacy seminar. Nagbukas din ng ilang service desks para sa mga miyembro at pensiyonado,

Sa consultative meetings at training sessions, sinanay naman ang agency authorized officers (AAOs) at electronic remittance file (ERF) handlers ng North Luzon sa mga sistema ng GFAL at web-based Membership Service Profile (WebMSP).

Nasa mga sumusunod na larawan ang kabi-kabilang aksiyon sa North Luzon:

PAMPANGA

GFAL Caravan
Sindalan High School, San Fernando
Mayo 22

G-NEWS DIGEST for GSIS employees
29 August 2019

Sa South Luzon

GFAL caravans, training ng AAOs at ERF handlers, pinag-ibayo

Nagsagawa ang South Luzon branch offices at extension offices (BOs/EOs) ng iba't ibang information dissemination activities para sa mga miyembro, kabilang ang agency authorized officers (AAOs) at electronic remittance file (ERF) handlers.

Nakatuon ang activities sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) at Top-Up Loan, financial literacy, Web-based Membership Service Profile (WebMSP), at iba pa.

Tampok sa mga larawan ang mga kaganapan sa South Luzon.

LAGUNA

WebMSP Training, Meeting with AAOs and ERF Handlers
Royal Blooms Hotel, Sta. Cruz
Hulyo 16

LUCENA

GFAL Caravan
Talipan National High School, Pagbilao
Hunyo 14

G-NEWS DIGEST for GSIS employees
5 September 2019

Sa Visayas

Branch offices nagsagawa ng GFAL info campaign, atbp.

Nagsagawa ang branch at extension offices sa Visayas ng information campaign para sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL), Top-Up Loan, financial literacy, at iba pang mahahalagang programa ng GSIS para sa mga miyembro.

Pinulong din nila ang agency authorized officers (AAOs) at electronic remittance file (ERF) handlers upang sanayin sa sistema ng GFAL at Web-based Membership Service Profile (WebMSP).

Makikita sa ibaba ang mga kaganapan sa Visayas noong Hulyo.

CEBU

GFAL Information Dissemination
KABISIG Phil. Gov't Expo
Trade and Jobs Fair 2019, SM City Cebu
Hulyo 17-18

GSIS Services Caravan
San Francisco Gym
Hulyo 19-20

G-NEWS DIGEST for GSIS employees
28 August 2019

Sa Mindanao

Info campaign sa GFAL, isinulong sa branch offices

Upang mapalaganap ang kaalaman tungkol sa GSIS Financial Assistance Loan (GFAL), puspusan ang ginawang information drive ng Mindanao branch offices sa Basilan, Davao, Dipolog, General Santos, at Zamboanga.

Nagbigay din ng updates ang branch offices sa agency authorized officers (AAOs) sa mga lugar na nabanggit.

Nasa mga larawan sa ibaba ang iba't ibang gawain sa Mindanao noong Hunyo at Hulyo:

BASILAN

GFAL Orientation
Basilan Sangguniang Panlalawigan
Hunyo 24

DAVAO

GFAL Discussion/Meeting
Representatives from DOH Region XI
Hulyo 22

GFAL Discussion/Meeting
Representatives from Southern Philippines Medical Center
Hulyo 22